Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

3-21-11

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG MARSO 7, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 111-T2011**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG PROCESO L. ALCALA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10,000,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGBILI NG ORGANIC FERTILIZERS HUMOUS PLANT GROWTH STIMULANTS AT SOIL CONDITIONERS, NA MGA KAILANGANG GAMOT AT PATABA PARA SA PAGPAPARAMI NG MGA PANANIM TUNGO SA PAGPAPATAAS NG ANTAS NG AGRIKULTURA SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz ay sumasakop sa humigit-kumulang na 80 bahagdang sukat ng lupang pansakahan na natatamnan ng palay, prutas at mga gulay;

**SAPAGKA'T,** bunga ng mga sunud-sunod na pagbagyo na sumira sa mga pananim, humina ang suplay ng mga pataba at gamot sa peste dahilan sa pagbaba ng produksyon ng mga pananim;

**SAPAGKA'T,** malaki ang pag-asa ng bayang ito na makabangon sa ganitong kalagayan kung sasapat ang mga kailangan sa pagtatanim tulad ng pagbili ng mga pataba at gamot sa peste;

**SAPAGKA'T,** ang kapakanan at kabutihan ng mga mamamayan, lalo na ang malaking bilang ng mga magsasaka sa bayang ito ang higit na pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaang bayan upang mapalakas at mapataas ang antas ng pagsasaka at kalagayang pangkabuhayan ng bayan ding ito;

**SAPAGKA'T**, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makabili ng mga nasabing pangangailangan sa pagsasaka.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. ( Tagapamuno ng Lupon sa Agrikultura, Likas-Yaman, Pangingisda at Kapaligiran), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan, Rizaldy N. Kalaw, Ronald P. Obligacion, Jun M. Asinas at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Hilingin sa Kagalang-galang Proceso L. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang Sampung Milyong Piso (P10,000,000.00) upang magamit sa pagbili ng Organic Fertilizers Humous Plant Growth Stimulants at Soil Conditioners, na mga kailangang gamot at pataba para sa pagpaparami ng mga pananim tungo sa pagpapataas ng antas ng agrikultura sa bayang ito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Magpaabot ng pasasalamat sa Kagalang-galang Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka na siyang patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Proceso L. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Lungsod ng Quezon ; Kagalang-galang Punong Bayan, at Pambayang Pinuno sa Pagsasaka, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 7, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo